# Illegal towing service sa QC, binalaan ni Mayor Joy B

Pinaalalahanan ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang mga taga-lungsod laban sa isang towing company na sinasabing awtorisado ng local na pamahalaan para mag-operate.

"As of now, the City has not authorized any towing company to conduct any towing service within our jurisdiction," pahayag ni Belmonte.

Ang babala ni Belmonte ay ginawa makaraang makatanggap ng reklamo na isang GSD Towing Service ang nagsasagawa ng towing operations sa QC nang walang pahintulot sa lokal na pamahalaan.

Anya, maaaring tumawag ang mga mabibiktima sa Hotline 122 para ireklamo ang nabanggit na illegal towing company para maaksiyunan.

Nilinaw ni Belmonte na wala siyang pinipirmahan na anumang kasunduan para bigyan ng awtorisasyon ang alinmang towing company na mag-operate sa lungsod.

Anya, iimbestigahan niya kung bakit may sinasabing awtorisasyon ang GSD towing service mula sa QC government, gayung wala naman siyang inaaprubahan para dito. *(Angie dela Cruz)*